

TENDERLOIN

COMMUNITY ACTION PLAN

Tenderloin Newsletter

June 2023



Mahal na mga residente at komunidad ng Tenderloin,

Habang papalapit tayo sa ikalawang bahagi ng taon, ikinalulugod na ina-anunsyo ng Tenderloin team ng SF Planning ang mga susunod na kabanata ng aming gagawin sa kapitbahayan. Magsisimula kami sa pamamagitan ng pagbabahagi ng aming kauna-unahang newsletter sa komunidad bukod sa maikling pagninilay-nilay tungkol sa kung ano ang inihatid ng 2022 para sa Tenderloin na ating naisakatuparan.

Nakatuon ang aming team sa pagtataguyod ng mga kolaboratibong samahan, na nakasentro sa ekidad, at nagtataguyod ng sariling pagpapasya ng komunidad. Pangangasiwaan ng pagsusumikap na Aksyon ng Pagpapalano ng Tenderloin ang mga inisyatibang hatid ng komunidad at magtatapos sa mga bagong kapasidad upang isulong ang ekidad kapag pinagbubuti ang kalidad ng buhay para sa mga residente, manggagawa, at maliliit na negosyo sa kapitbahayan. Sa loob ng mga kapasidad na ito, patuloy na magpupulong at magsisilbi ang SF Planning bilang isang tagapag-ugnay upang bigyang-hugis ang mga pagsusumikap sa pagitan ng mga ahensya at sektor upang matugunan ang krisis sa mga kalsada ng kapitbahayan.

Sa unang newsletter na ito, ibabahagi namin ang tungkol sa iba't ibang bahagi ng aming gawain bilang isang lumalagong ekosistema ng epekto para sa kapitbahayan: Mga proyektong Gawad sa Pagkilos ng Komunidad, mga bagong pakikipagtulungan sa Tenderloin Neighborhood Development Corporation (TNDC, Korporasyon ng Pagpapaunlad sa Kapitbahayan ng Tenderloin) at United Way Bay Area (UWBA), prioridad na aspeto ng pamumuhunan na hatid ng komunidad, muling pagbibigay-hugis na pamumuno sa komunidad, at pagbibigay-kapangyarihan sa komunidad hinggil sa pag-unawa ng pag-unlad sa mga kalagayan ng kalsada.



San Francisco
Planning

<https://sfplanning.org/project/tenderloin-community-action-plan>



#TenderloinPlan

Binibigyang-buhay na mga Gawad sa Pagkilos ng Komunidad

Noong Hunyo 2022, inaprubahan ni Mayor Breed ang \$4 na milyon para sa mga proyektong aaksyunan ng komunidad sa Tenderloin, isang wala pang katulad na paglalaan ng mga mapagkukunan na nagresulta mula sa maraming taon ng pag-oorganisa ng komunidad para mas mapasigla ang kapitbahayan at mapabuti ang kalidad ng buhay.

Nagdisenyo ang aming team ng kauna-unahan sa uring ito ng proseso ng pagbabadyet na may pakikibahagi upang humanap ng mga proyektong inisponsor ng komunidad, isang makabagong prosesong pinanawagan ng mga residente ng Tenderloin sa nakaraang mga pagsusumikap na makipag-ugnayan at mag-organisa na nagtapos ng may 1,400 residente at manggagawang bumoboto sa mga mungkahi, at 21 proyektong pinili para sa pagpopondo.

Ang mga panghuling piniling proyekto ay nakatuon sa mga priyoridad ng kapitbahayan na ibinalangkas sa nagdaang maraming taon ng pakikipag-ugnayan at pakikibahagi: pagpapaigting ng kaligtasan at kasiglaan ng pampublikong espasyo sa pamamagitan ng pagpapatupad, pagsuporta sa mga pangangailangan ng mga kabataang nilalabanan ang makaka-stress na kalagayan sa kanilang kapitbahayan, paggalugad sa mga mapaghamong kalagayan sa gabi sa mga kalsada, at pagpapabuti ng pag-akses sa mahahalagang pangangailangan. Ikinalulugod naming ibahagi sa komunidad ang polyeto ng mga Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad sa Tenderloin.

Sa nagdaang ilang buwan ngayong 2023, nakipagtulungan nang husto ang aming team sa mga isponsor ng proyektong pangkomunidad upang higit pang mailarawan ang mga saklaw at pagpapatupad ng suporta sa mga proyektong ito. Ikinalulugod naming ianunsyo na makikipagtulungan ang United Way Bay Area sa mga isponsor ng proyektong pangkomunidad upang maisakatuparan ang mga proyektong ito. Ipatutupad ang mga proyektong ito mula sa tag-init ng 2023 hanggang sa tagsibol ng 2025 sa pamamagitan ng kolaborasyon sa pagitan ng mga agensya at sa buong sektor na kinabibilangan ng SF Planning, Mayor's office of Housing and Community Development (Tanggapan para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad), Office of Economic and Workforce



Development (Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Puwersa ng Paggawa), Department of Public Health (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan), Human Services Agency (Ahensya ng mga Serbisyong Pantao), United Way Bay Area, pati na rin ang mga lider ng komunidad at negosyante sa Tenderloin. Maghahatid ng panibagong buhay ang mga proyektong pangkomunidad sa Tenderloin sa loob ng susunod na taon: Ang mga bagong pampublikong espasyong tulad ng Golden Gate Greenway at Elm Alley School Street ay babaguhin ang mga kalsadang hindi lubusang nagagamit at mas dinadaan ng sasakyan upang maging mga kalyeng inuuna ang mga pedestriyan upang maghatid ng higit na kinakailangang espasyong panlabas para mga residenteng mula sa lahat ng dako upang magtipun-tipon at maglaan ng panahon sa labasan at para makapaglaro ang mga bata nang ligtas sa eskinita sa likod ng kanilang paaralan. Ang Teen Drop-in Center ay maghahatid ng mga bukas na aktibidad para sa mga kabataan sa kapitbahayan, at isang Arab Youth Center na maghahandog ng mga mapagkukunang may kahusayan sa kultura para sa mga kabataang Arabe at sa kanilang mga pamilya. Ang Night Wellness Navigators ay magbibigay ng pangangalaga at mga mapagkukunan sa mga kalsada ng kapitbahayan sa gabi kapag nagtapos na ang karamihan sa

mga operasyon sa kalye. Ang mga ito at ang iba pang mga proyektong ay maghahatid ng enerhiya sa kapitbahayan at mag-aambag sa kasiglaan at kaligtasan ng mga kalye sa Tenderloin.

Naglunsad din ang SF Planning ng kolaboratibong samahan sa pagitan ng mga isponsor ng proyektong pangkomunidad upang bumuo ng sama-samang epekto sa kapitbahayang hinihigitan ang kabuuan ng pagpapatupad ng bawat proyektong sa indibidwal na paraan. Sama-sama bilang isang grupo, nagtutulungan ang mga isponsor ng proyektong sa lahat ng kategorya ng proyektong, na ginagamit ang mga mapagkukunan at karanasan ng organisasyon upang bumuo ng sama-samang epekto. Ang sama-samang epekto ay nauwi sa mas mabubuting kalalabasan at mas malalim sa sinerhistikong pag-unlad sa loob ng grupo. Ang kolaborasyon para sa sama-samang epekto sa loob ng grupo para sa mga Gawad sa Pagkilos ng Komunidad ay nakabatay sa mga regular na nauulit na pagpupulong ng grupo. Sa mga pagpupulong na ito para sa sama-samang epekto noong Mayo 24, ang mga isponsor ng proyektong ay nag-workshop ng maraming ideya kung saan ipinangako ng kanilang kolaborasyon ang mas malawak na pakikipag-ugnayan sa komunidad.



Muling pagbibigay-hugis sa Grupo ng Pamumuno sa Komunidad

Upang suportahan ang pag-unlad ng pinag-isang boses na nagtataguyod para sa mga praktikal na solusyon, epektibong istrategiya at pamumuhunan, nakikipagtulungan ang SF Planning sa mga lider ng komunidad upang mapangasiwaan ang pagtatatag ng grupo ng pamumuno sa komunidad.

Ipinupursigi ng gawaing ito ang mga talakayan ng Grupo ng Apektado sa Komunidad na pinangasiwaan ng aming team noong Taglagas ng 2022 kabilang ang bukas at iba't ibang grupo ng mga residente at apektado sa komunidad. Pagkatapos ng ilang pagpupulong, at malalaking kontribusyon sa mga proseso ng pagbabadyet na may pakikibahagi, hiniling ng mga pangunahing apektado na umurong at muling pag-isipan ang layunin ng grupo. Ang

muling pag-iisip ay nagbigay ng kaalaman sa diskusyon noong Pebrero hinggil sa kung ano ang kayang suportahan ng grupo ng apektado sa komunidad para sa Tenderloin at kung paano makakabuo ang mga residente at komunidad ng nagkakaisang grupo ng pamumuno na naghahatid ng nagkakaisang boses. Hinubog ng kapitbahayan ang pinag-isang boses na ito ng ilang beses sa nakaraang dalawang taon, noong nilalagdaan ang liham sa Mayor na nagdulot ng Inisyatibang Pang-emerhensya ng Tenderloin, noong nagtataguyod para sa inilaang pagpopondo sa kapitbahayan, at noong nag-organisa ang mga grupo ng mangangalakal, at nanawagan para sa at nakakuha ng higit pang tagapagpatupad ng batas pagdating sa pagbebenta ng droga sa mga kalye. Matunog at malinaw ang komunidad kaya kailangang maging intensyonal ang layunin ng grupo ng pamumuno sa komunidad, dapat iba-iba ang mga kinatawan, at na kumilos ang grupo sa pakikipagtulungan sa Lungsod.

Upang isulong ang kakayahan ng pamumuno ng komunidad ng Tenderloin sa kapitbahayan, ikinalulugod na ianunsyo ng SF Planning ang bagong pakikipagtulungan sa Tenderloin Neighborhood Development Corporation (TNDC). Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan na ito, maghahanap at magtatatag ang TNDC ng mga katuwang sa komunidad na aktibong nakikibahagi at nag-oorganisa sa mga residente at apektado sa Tenderloin. Ang kolaborasyong ito, na suportado ng mga ekspertong kasangguni ay kinuha ng SF Planning, ay naglalayong suportahan ang komunidad sa pagtatatag ng mapapanatili at nagkakaisang boses sa kapitbahayan: isang grupo ng pamumuno sa komunidad. Sa oras na maitatag, ang aming team, sa malapit na pakikipagtulungan sa mga katuwang sa pagitan ng mga ahensya, ay susuportahan ang grupo ng pamumuno sa kanilang adbokasiya.



Umuusbong na mga Priyoridad na Aspeto ng Pamumuhunan

Ang mga priyoridad na aspetong hatid ng komunidad ay patuloy na nagbigay-hugis, kasabay ng pagpapatupad ng mga pangmaikling panahong Proyekto ng Pagkilos ng Komunidad.

Tiningnan ng aming team ang mga priyoridad na aspeto na idinudulot ng komunidad bilang medium term na solusyon at pamumuhunan na sa kalaunan ay susuportahan ang Plano ng Pagkilos ng Komunidad ng Tenderloin. Nananatili kaming masigla sa pagtukoy at pag-angat ng mga medium term na priyoridad na ito habang lumalabas ang mga ito sa pamamagitan ng aming mga samahang pangkomunidad. Kasalukuyang nakatuon ang aming team sa apat na priyoridad na aspeto. **Una ay suportahan ang maliliit na negosyo**, sa pakikipagtulungan sa Office of Economic and Workforce Development para pondohan ang mga gawad sa maliliit na negosyo sa kapitbahayan. Sumasalamin ang priyoridad na ito sa mga resulta ng pagboto ng komunidad noong panahon ng proseso ng pagbabadyet na may pakikibahagi sa Tenderloin, bilang bahagi ng Plano ng Pagkilos ng Komunidad, upang bumuo sa at dagdagan ang mga mapagkukunan ng maliliit na negosyo. Makikipagtulungan ang Planning sa OEWD upang bigyang-hugis ang mga programa ng pagpopondo na ito, kaya maaaring magresulta ang mga ito sa sama-samang epekto para sa Tenderloin. **Pangalawa ang pagbibigay ng kaalaman ng pamumuhunan para sa kabataan**, sa pakikipagtulungan sa Department of Children, Youth, and their families (DCYF), habang inilalabas nila ang bagong

limang taong siklo ng pagpopondo para sa mga bata, kabataan, kabataang nasa transisyonal na edad (TAY) at kanilang mga pamilya sa kalaunan ng Hulyo. Ang Tenderloin ay mayroong isa sa pinakamatataas na konsentrasyon ng mga bata at kabataan sa San Francisco, lalo na mula sa mga imigranteng pamilya. Sa nakahantad na merkado ng droga at paggamit ng substansya sa mga kalye ng Tenderloin ay nagiging vulnerable at nakahantad sa kalakaran ng droga sa mga gilid. Sa pakikipag-usap sa mga tagapagkaloob ng serbisyo at eksperto hinggil sa kabataan, natutunan namin na ang pamumuhunan sa mga kabataan, partikular na ang kabataang nawalan ng kaugnayan, sa Tenderloin ay maaaring mangailangan ng pagpapaangat ng ilang priyoridad. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan na ito, pangangasiwaan ng aming team ang mga partikular sa kapitbahayan na pagsusuri sa mga puwang at priyoridad oara sa mga pamumuhunan sa kabataan upang masuportahan ang DCYF sa paggawa ng desisyon para sa mga gawad na programa na ibinibigay upang paglingkuran ang mga bata, kabataan, TAY at kanilang mga pamilya sa Tenderloin. **Pangatlo ang pagpapalano para sa pampublikong Espasyo at mga Pagpapabuti sa Kaligtasan ng Pedestriyan.** Sa pakikipagtulungan sa Pedestrian and Traffic Safety Task Force na pinangungunahan ng komunidad, tutukuyin sa pagsusumikap na ito ang mga prioridad na oportunidad at istrategiya upang ipahayag at itaguyod ang higit pang mga pamumuhunan sa mga pagpapabuti ng streetscape, bukas na espasyo, kaligtasan ng trapiko sa Tenderloin. Nakatuon ang pakikipagtulungan na ito sa pagtulong na mabago

ang ad hoc na pamamaraan sa pagdisenyo at adbokasiya sa pampublikong espasyo sa isang bagay na batay sa mga sinuring pangangailangan at ideya na inilalarawan sa pamamagitan ng mga pang-eksperimentong proyekto, pakikipag-usap sa komunidad, at koordinasyon sa pagitan ng mga ahensya. Ang mga pangunahing istrategikong aspeto ay maaaring: paglikha ng sistema sa lansangan, pagdisenyo ng network ng mga road diet, pagtataguyod ng mga istrategikong proyekto ng mabilisang pagpapatayo, pagbuo ng malikhaing plano para sa pagpapanatili ng pampublikong espasyo, at bilang panghuli, pagbanghay ng pangmatagalang bisyon para sa network ng bukas na espasyo na pinag-uugnay ng ligtas at malilinis na kalyeprojects, **Bilang panghuli ang ipatupad ang mga priyoridad sa pabahay.** Habang nakatuon ang Lungsod sa pagpapatupad ng pinagtibay na Housing Element ng Lungsod, makikipagtulungan ang Tenderloin team sa komunidad para ipatupad ang mga priyoridad sa pabahay kabilang ang pagpapalano para sa pagpapabuti ng mga kalagayan sa SRO, pagtugon sa pagkabakante sa mga sumusuportang pabahay, at pangangasiwa ng pabahay na may mga opsyon sa pinaigting na paggamot.

Patuloy na makikipagtulungan ang aming team sa mga katuwang sa komunidad upang matukoy ang mga priyoridad na hatid ng komunidad at isulong ang mga ito tungo sa pamumuhunan at pagpapatupad. Ang grupo ng pamumuno ng komunidad, sa oras na mabuo, ay papayuhan ang aming team na magpokos o palawakin ang apat na priyoridad na aspeto ng gawain.

Mga pag-unlad at hamon sa mga Kalagayan sa Kalye

Dahil lumipat ang Inisyatibang Pang-emerhensya ng Tenderloin sa mga pinananatiling operasyon, patuloy na pinatatakbo ng Department of Emergency Management ang pang-araw-araw na pag-respond sa pagitan ng mga ahensya sa Tenderloin. Ang Joint Field Operations (JFO) ay isang pagsusumikap ng maraming departamento upang mapabuti ang mga kalagayan sa kalye sa kapitbahayan ng Tenderloin ng San Francisco.

Nagsimula ang JFO noong Enero ng 2022 bilang pagtugon sa Inisyatibang Pang-emerhensya ng Tenderloin. Noong panahong iyon, nilayon ng JFO na maging isang pangmaikling panahong pamamaraan sa pagsuporta sa mga indibidwal na nakakaranas ng kawalan ng tirahan o nahihirapan sa mga sakit sa paggamit ng substansya upang ma-access ang mga mapagkukunan at paggamot at Tenderloin Center (TLC). Noong nagsara ang TLC, ang JFO ay naging nagpapatuloy na pamamaraan pagdating sa pag-uugnay ng serbisyo na may nagpapatuloy na bahagi ng paglilinis ng kalye. Kumikilos ang JFO ng pitong araw kada linggo mula 9:00am - 1:00pm at nilalagyan ng tauhan ng maraming departamento ng lungsod kabilang ang SFFD, HSH, DPH, MTA, DPW, SFPD, DEM. Bukod sa nagpapatuloy na kolaborasyon sa pagitan ng mga departamento ng lungsod, bumuo ng ugnayan ng pagtutulungan ng JFO sa ilang organisasyon ng Community Benefit District (CBD). Bukod sa pagbabahagi ng mga update at pag-aalala sa mga kalagayan sa kalye, sinusuportahan ng mga grupong ito ang JFP sa paglilinis ng kalye kapag nangangailangan ng mga karagdagang mapagkukunan. Nakapagbigay na ng positibong feedback sa JFO hinggil sa pagpapabuti ng mga kalagayan sa kalye mula sa mga may tirahang miyembro ng komunidad, may-ari ng negosyo, tagapagkaloob ng serbisyo, at tauhan ng CBD. Nagpahayag ng pasasalamat ang komunidad ng walang tirahan para sa maasahan ang hindi nagbabagong katangian ng JFO, na nagdagdag ng tiwala at kumpiyansa sa hindi pagmamaltrato ng mga tauhan ng lungsod. Noong Marso 2023, naglunsad ang Department of Public Health



ng muling naayos na team ng pagresponde sa kalye na nakabase sa kapitbahayan na tinatawag na mga Kapitbahayang Bridge Engagement Services Team (BEST). Nagbibigay ang team ng pagsusuri sa kalusugan ng pag-uugali na may pagsasaalang-alang sa trauma, pakikibahagi, at mga interbensiyong terepeutika na nakabase sa komunidad ng 7 araw kada linggo, na may pokus sa mga kliyenteng walang tirahan, nasuriang may malubhang sakit sa pag-iisip at/o sakit sa paggamit ng substansya, at na nawalan ng kaugnayan sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga Kapitbahayang BEST ay kasalukuyang may dalawang team na pangunahing gumagawa sa mga lugar ng Tenderloin, SoMa, Mission, Castro at Haight Ashbury. Kasalukuyang pinaigting ng team ang paglalagay ng tauhan at sa kalaunan ay magkaloob ng serbisyo sa mga kapitbahayan sa buong San Francisco.

Pinakamakailan, sinumulan ng Lungsod ang mga kolaborasyon sa California Highway Patrol, pati na rin sa National Guard upang tugunan ang merkado ng droga sa labas at paggamit ng droga. Isang bagong Drug Market Agency Coordination Center ang itinatag malapit sa Tenderloin upang

matugunan ang mga isyung ito sa buong lungsod. Pinamumunuan ng Department of Emergency Management, ipagpapatuloy ng Center na ito ang pinagkaisang kolaborasyon ng pamunuan sa San Francisco Police Department at Department of Public Health.

Ang SF Planning ay nanatiling malapit sa pag-unawa ng saklaw at laki ng mga operasyon sa kalye, at isang katuwang sa tuwing kailangan. Habang sinisimulan namin ang pag-usad tungo sa pagtukoy at pagpapatupad ng mga priyoridad ng komunidad, nakatuon ang aming team sa pagsisilbi bilang matatag na daan upang maiangat ang mga priyoridad ng komunidad sa pagtugon sa mga kalagayan ng mga kalsada sa kapitbahayan. Nakatuon ang aming gawain sa pagbibigay ng kapangyarihan sa komunidad sa pamamagitan ng mas mabuting pag-unawa sa pag-unlad sa mga kalsada. Magiging kabilang dito ang pagbabago sa na pinangangasiwaan namin sa mga susunod na ilang buwan upang mapanatiling may kaalaman ang komunidad sa pag-unlad at pagdaraos ng mga pag-uusap na nag-uugnay sa komunidad at mga katuwang sa pagitan ng mga ahensya upang bigyang-hugis ang mgaistratehiya sa mga operasyon sa kalsada.

Samahan mo kami ngayong tag-init!



Nais naming kilalanin na kung wala ang mga dedikadong pangako, adbokasiya, at katatagan ng komunidad ng Tenderloin, wala sa malalaking pagsusumikap na ito ang magiging posible. Ipinapahatid namin ang aming taos-pusong pasasalamat sa lahat ng patuloy at walang-pagod na nagsusumikap tungo sa mas malusog, mas ligtas at mas masiglang Tenderloin. Ikinalulugod naming higit pang palakasin ang aming pakikipagtulungan sa Komunidad ng Tenderloin at palawakin ang ating mga ugnayan. Inaanyayahan ka naming magdiwang at matuto nang higit pa tungkol sa mga paparating na proyekto at pamumuhunan na ito sa pulong ng komunidad ngayong tag-init. Sa pagpupulong na ito,

- Ipagdiriwang namin ang mga gawad sa pagkilos ng komunidad na ilulunsad kasama ang mga isponsor na magpiprisinta ng kanilang mga proyekto.
- Magbibigay ng update sa proseso ng grupo ng pamunuan sa komunidad
- Hingin ang saloobin ng komunidad hinggil sa mga kinalabasan ng pag-unlad sa mga kalagayan ng kalsada
- Pangkalahatang pananaw ng apat na priyoridad na aspeto ng aming gawain



Inaasahan naming makita ang nakararami sa inyo!

~ Tenderloin team ng SF Planning



For more info:

<https://sfplanning.org/project/tenderloin-community-action-plan>



San Francisco
Planning